# USAPANG

# RH


EMPOWERMENT
HEALTH
DEATH
EVIL
USAPANG
RH
?
HIV-AIDS
CONTRACEPTION
FAMILY
PLANNING
ABORTION

# USAPANG RH

© C4RH 2015

**Inihanda at inilimbag ng**
Filipino Catholic Voices for Reproductive Health (C4RH)
Unit R 1, 2nd Floor George Town Building
756 Tandang Sora Avenue, Bgy. Matandang Balara
Quezon City 1119 Metro Manila, Philippines
Email: ctholics4rh@gmail.com

Ang C4RH ay isang non-government organization (NGO) ng mga Katolikong nagtataguyod ng karapatan at kalusugan ng tao. Naniniwala ang C4RH na ang simbahan ay binubuo ng mamamayang pinagbuklod ng pananampalataya, pagmamahal, at pagkalinga tungo sa buhay na may dignidad, lipunang mapayapa, at kapaligirang mapag-aruga sa sangnilikha.

Anumang bahagi ng akdang ito ay maaaring magamit sa pagsasaliksik, pagsasanay, talakayan at iba pang adbokasiya para sa pagsusulong ng karapatan para sa reproductive health nang may karampatang pagtukoy sa pinaghalawang akda.

Guhit at disenyo ni Crixandrei

# USAPANG RH

Ang kalusugang pangreproduktibo o reproductive health (RH) ay isa sa mga nagbabagang usapin sa bansa ngayon dahil na rin sa mainit na debateng umiiral dito. Sa katunayan, ang pagsusulong ng komprehensibong serbisyo para sa RH ay tumagal nang halos 13 taon[1] bago ito naisabatas noong Disyembre 21, 2012 bilang Republic Act (RA) 10354 o Responsible Parenthood and Reproductive Health (RPRH) Law.

Sadyang masalimuot na usapin ang RH sapagkat nangangailangan ito ng malawak na pag-unawa at malalim na pagsusuri. Higit sa debate ng siyensya at usaping relihiyon at moralidad, dapat isinasaalang-alang ang buhay at dignidad ng mga tao, lalong higit ng mga kababaihan na sila naman talaga ang nabubuntis at nagiging daluyan ng salinlahi.

Sa mga naging gawaing edukasyon ng Catholics for Reproductive Health (C4RH), nakalikom kami ng mga tanong at pahayag na kailangan ng sinserong paglilinaw at pagpapaliwanag. Ang ilan sa mga isinama sa praymer na ito ay hinalaw sa mga naging forum, sa mga diskusyong teyolohikal, at  sa mga naging talakayan sa komunidad at pakikipag-usap sa mga babaeng naghahangad ng kalusugan at mainam na buhay para sa sarili at sa kanilang pamilya.

Hinati ang praymer na ito sa tatlong usapin: reproductive health/RH Law, Katolisismo, kontrasepsyon, at sekswalidad. Ang mga tugon dito ay gabay lamang. Maaaring may maisip pa kayong tugon o pagpapaliwanag na mas naaangkop sa inyong kausap.

Layon ng C4RH na itaguyod ang RH bilang isang karapatang pantao at panlipunang usapin. Inaasahan na makatulong ang praymer na ito sa ganitong tunguhin.

—Catholics for Reproductive Health (C4RH)

[1] Unang naidulog ang HB 8110 or "Integrated Population and Development Act of 1999" nina Lagman-Luistro, Antonino, Cojuangco, Angara-Castillo, Acosta, at Yotono-Villanueva.



# Reproductive Health (RH) at RH Law

## Ano nga ba ang RH?

Ito ay isang maayos na kalagayan at pakiramdam sa mga aspetong pisikal, mental, at sosyal sa buhay ng isang tao na may kinalaman sa sistema, gamit, at proseso ng reproduksyon. Hindi lamang ito kawalan ng karamdaman o kahinaan ng katawan. Susi sa RH ang kalusugan.

Ang usaping RH ay hindi rin hiwalay sa iba pang panlipunang usapin tulad ng karapatang pantao, kapayapaan at hustisya, kaunlaran, kasarinlan, kalikasan, at iba pa. Mahirap gawing makitid at ikahon ang RH sa isyu lamang ng family planning at kontraseptiba. Kabilang sa usaping RH ang pagrespeto sa karapatan at dignidad ng bawat nilalang. Naniniwala ang C4RH na ang bawat buhay ay sagrado at mahalaga. Maski ang pagtatalik o sex sa pagitan ng dalawang nagmamahalan ay sagrado rin. Malinaw ito sa Panata ng Panunungkulan ng bawat kasapi ng C4RH.

## C4RH Panata ng Panunungkulan

Ako ay isang Katoliko.

Naniniwala ako sa kabanalan at dignidad ng buhay. Naniniwala ako na ang kalusugang pangreproduktibo ay makapagliligtas ng buhay ng kababaihan, kabataan, at ng mga taong nasa panganib sa mga pangreproduktibong impeksyon at sakit.

Naniniwala ako sa pakikiramay at panlipunang katarungan. Naniniwala ako na ang kalusugang panreproduktbo ay makakatulong sa ating pagtugon sa mga nangangailangan ng pagsangguni, kalinga at suporta, lalo na ang mga mahihirap at walang kapangyarihan sa ating lipunan.

Naniniwala ako sa pagsasabi ng katotohanan, sa pagbubukas ng isipan, at sa pagiging tapat. Naniniwala ako na dapat bigyan ang mamamayan ng wastong impormasyon hinggil sa kalusugang panreproduktibo. Hindi dapat maging sagabal ang relihiyon at pananampalataya sa pagbibigay ng serbisyong bayan.

Naniniwala ako sa pagiging tagapangalaga ng tao sa sangnilikha; at ang wastong impormasyon at serbisyong RH ay makakatulong sa pagtataguyod ng kalidad ng buhay, responsableng pagdedesisyon, at pagseseguro ng kagalingan ng bawat tao.

Naniniwala ako na ang RH ay hindi nahihiwalay sa aking pananampalataya bilang Katolikong naghahangad ng buhay na may dignidad at kaginhawaan.

Panahon na upang magsalita at sumuporta sa pagtataguyod ng responsibong serbisyo at impormasyon hinggil sa kalusugang pangreproduktibo.


Maraming elemento ang RH kasama na riyan ang serbisyo at impormasyon upang

- maplano nang husto ang pamilya batay sa kakayanan at kahandaan ng mag-asawa

- maitaguyod ang kalusugan at nutrisyon ng ina at ng kanyang mga anak
- magabayan ng tamang impormasyon ang mga kabataan tungo sa responsableng pangangalaga ng kanilang katawan, sekswalidad, at pamumuhay
- mapigilan ang pagkalat ng mga sakit tulad ng reproductive tract infections (RTIs), HIV/ AIDS, at iba pang sexually transmittable infections (STIs)
- maalis ang mga karahasan at diskriminasyon batay sa kasarian (gender-based violence and discrimination)
- mahikayat ang mga kalalakihan na maging responsible sa pagpapamilya at pakikipagrelasyon

Sa katunayan, kabilang sa RH ang kalusugan, kakayanan, at kapasidad ng bawat tao na magdesisyon para sa sarili. Bahagi ito ng ating karapatang pantao para sa kalusugan, kaunlaran, edukasyon at impormasyon, at pagkakapantay-pantay. Sa usaping RH, tinitiyak din na ang bawat pagbubuntis at panganganak ng isang ina ay ligtas at ang iluluwal na anak sa mundo ay mamahalin at kayang arugain hanggang maging isa siyang malusog at produktibong kasapi ng lipunan.

Upang matagumpay na mailunsad ang programang RH kailangan ding bigyang-pansin ang ibang aspeto ng panlipunang serbisyo tulad ng kabuhayan, pabahay, edukasyon, seguridad, at iba pa.



**Mga elemento ng Reproductive Health**

1. Family Planning o pagpaplano ng pamilya;
2. Ang kalusugan at nutrisyon ng ina, sanggol, at ng bata; kasama na ang pagpapasuso;
3. Pagbabawal sa aborsyon at pamamahala ng mga kumplikasyong bunga nito;
4. Adolescent and youth reproductive health guidance and counseling;
5. Prebensyon, paggamot, at pamamahala ng reproductive tract infections (RTIs), HIV at AIDS at iba pang sexually transmittable infections (STIs);
6. Pag-aalis ng karahasan laban sa kababaihan at bata at iba pang porma ng sekswal at gender-based violence;
7. Education and counseling on sexuality and reproductive health;
8. Paggamot ng mga kanser sa suso at reproductive tract at iba pang other gynecological conditions and disorders;
9. Male responsibility and involvement and men's reproductive health;
10. Prebensyon, paggamot, at pamamahala ng mga kaso ng pagkabaog (*infertility*) at mga *sexual dysfunction*;
11. Edukasyong tungkol sa kalusugang pangreproduktibo para sa mga adolescents; at
12. Mental health aspect ng reproductive health care.[2]

Pinag-uusapan ang reproductive health (RH) simula pa noong 1994 International Conference on Population and Development (ICPD) na ginanap sa Cairo. Kasama ang Pilipinas sa 179 na estadong lumagda sa Program of Action (PoA) nito. Sa makasaysayang pagtitipong ito, nilinaw ang kahulugan ng RH bilang:

[2] Mula sa Republic Act (RA) 10354 o RPRH Law sections 4.p at 4.q

> Isang maayos na kalagayan at pakiramdam sa aspetong pisikal, mental, at sosyal sa buhay ng tao at hindi lamang ang kawalan ng sakit o karamdaman, sa lahat ng bagay na may kinalaman sa sistema, gamit at prosesong panreproduktibo. Samakatuwid, ipinapahiwatig sa RH na may kakayanan ang mga tao na magkaroon ng kasiya-siya at ligtas na buhay-sekswal at may kapasidad silang magkaroon ng anak at may kalayaang magdesisyon kung kailan at gaano ito kadalas. Maliwanag sa huling batayan ang karapatan ng babae at lalaki na malaman at makakuha ng ligtas, epektibo, makakayanan, at katanggap-tanggap na pamamaraan ng pagpaplano ng pamilyang napili, pati na rin ang ilang ligal na pamamaraan ng birth control; at ang karapatang makakuha ng mga serbisyong pangkalusugan na magtitiyak na magiging ligtas ang pagbubuntis at panganganak ng mga nanay at magbibigay sa mag-asawa ng pinakamahusay na pagkakataong magkaroon ng malusog na sanggol. (ICPD PoA talata 7.2)[3]

Kapansin-pansin na hinugot mula sa ICPD PoA at iba pang mga internasyunal na kasunduan ng RA 10354 o RPRH Law ang kahulugan ng mga terminong ginamit sa batas.

## Ano ang RH Law?

Ang Republic Act 10354 or the Responsible Parenthood and Reproductive Health Law of 2012 (RH Law) ay isang pambansang polisiya para sa komprehensibong pagtugon sa pangangailangan ng mamamayan sa reproductive health at pagtataguyod ng responsible parenthood. Layon ng RH Law na: (1) magbigay ng wastong impormasyon at serbisyong RH at family planning (FP) upang makapamili ang bawat isa o mag-asawa kung ano ang naaayon sa kanilang kakayanan at paniniwala. Ito ang tinatawag na *informed choice*; (2) serbisyo sa mga nanay para matiyak na ligtas ang kanilang pagbubuntis at panganganak at malusog ang kanilang supling; (3) edukasyon ng mga kabataan para mahusay nilang mapangalagaan ang kanilang pangangatawan, sekswalidad, at buhay; at (4) budget o pondo para sa maipatupad ang batas.

---

[3] http://www.unfpa.org/webdav/site/global/shared/documents/publications/2004/icpd_eng.pdf

# Katolisismo

Kung tayo ay Katolikong sumusuporta sa reproductive health (RH) o proRH, may mga bagay na kailangang tandaan sa pag-papaliwanag ng ating posisyon. Makatutulong ito lalo na kung ang kaharap ay kapwa Katolikong di naman umaayon sa RH o yaong mga anti-RH. Mahalagang maging totoo at mapagkumbaba tayo sa ating mga pahayag. Hindi man tayo eksperto sa teyolohiya o sa batas ng simbahang Katoliko (*canon law*), humuhugot naman tayo ng inspirasyon mula sa ating karanasan ng pagtulong sa kapwa at sa pananampalataya sa isang mapagkalingang Panginoon.

Wala tayo dapat ipangamba sa pagsagot sa mga argumentong inihahain ng ating mga katunggali. Sa ating pakikipag-usap sa kanila, mahalaga ang pagiging magalang at kritikal. Ang pagbubukas ng isipan ay isang proseso na maaaring kailangan ng maraming pag-uusap.

**Tanong: Paano mo masasabing isa ka pa ring Katoliko kung lagi ka namang kumukontra sa mga itinuturo ng simbahan? Hindi umaayon ang simbahan sa RH at RH Law. Kung di ka naman sumusunod sa sinabi ng simbahan, bakit di mo aminin na hindi ka na Katoliko at umalis ka na lang ng simbahan?**

**Sagot:** Naiintindihan ko na mas gusto mo pang umalis ang mga hindi sumasang-ayon sa kasalukuyang posisyon ng simbahan lalo na sa RH at sekswalidad. Sadyang mahirap na may di-pagkakaunawaan sa isang samahan. Ngunit kung papaalisin ang lahat ng mga Katolikong proRH, malaking porsyento ng mga Katoliko ang maitataboy ng simbahan. Ayon sa survey ng Social Weather Station (SWS), 72% ng mga Pilipino ang umaayon sa RH

Law at 77% naman ang naniniwalang ito ay konstitusyunal.[4] Sa iba pang survey ng SWS, 7 sa 10 Katoliko ang umaayon sa RH.[5]

**Sagot:** Posible namang manatili pa rin sa simbahan kahit na may mga bagay na hindi mo inaayunan dito. May malawak na kasaysayan ang simbahang Katoliko sa debate at pagtutol (*dissent*)—kasama ang mga theologians, madre, pari, at maraming layko—sa maraming usaping RH tulad ng sekswalidad, kontrasepsyon, aborsyon, at maski nga sa diborsyo. Sa kasaysayan ng simbahan, may mga pagbabago ring nangyayari. Halimbawa nito ay ang pagbabago ng posisyon sa pag-aalipin (*slavery*) at sa pagpapahintulot sa mga babaeng magsilbi sa altar na tulad nang ginagawa ng ilang parokya. Humingi rin ng kapatawaran si Santo Papa Juan Paulo II sa mga "kasalanan" ng simbahan kabilang dito ang karahasan at pagtugis noong *Inquisition/ Crusades*, ang pagmasaker sa mga Protestanteng Pranses, ang pagkondena kay Galileo.[6] Ang buong pagpapakumbaba at matapang na pag-amin sa mga kamaliang ito ng Vatican ay isang pagbubukas sa maraming usapin upang makamit ang pagkakaisa at kapayapaan tungo sa "kadakilaan ng Diyos na nakikita sa kagalingan at dignidad ng buhay ng tao" (*The glory of God is man fully alive; but the life of man is the vision of God)*.[7]

**Sagot:** Dahil ba hindi ako laging sumasang-ayon sa simbahan ay hindi na ako isang Katoliko? Ito ay aking simbahan rin. Bininyagan akong Katoliko, pinalaking Katoliko, at mananatili akong Katoliko. Walang sinuman ang makapaghuhusga sa aking pananampalataya. Tanging ang Diyos lamang ang makapaghuhusga sa akin.

**Sagot:** Nananatili pa rin ako sa simbahan kahit na marami ang bumabatikos sa akin dahil sa pagsuporta ko sa RH at RH Law. Masakit ang mga maling paratang ngunit hindi ko kayang umalis sa simbahang naging bahagi na ng aking pagkatao at nagturo sa akin ng mabubuting asal tulad ng respeto, pagmamahal, pagkalinga, at pagtulong sa kapwa at higit sa lahat nagpatibay ng aking pananampalataya sa Diyos.

**Tugon:** Nais namin ng pagbabago sa loob ng simbahan at

[4] Hinalaw mula sa 2014 Survey ng Social Weather Station (SWS), https:ww.sws.org.phpr20140407_SWS%20Confirms%20Survey%20on%20RH%20Law%20for%20The%20Forum%20(media%20release).pdf
[5] http://www.sws.org.ph/pr081016.htm
[6] http://www.theguardian.com/world/2000/mar/13/catholicism.religion
[7] http://www.vatican.va/roman_curia/congregations/cfaith/cti_documents/rc_con_cfaith_doc_20000307_memory-reconc-itc_en.html

gawin itong mas mapagkalinga sa mga kasapi nito. Mismong si Santo Papa Francisco ay nagtataguyod ng mga pagbabago upang makaagapay ang simbahan sa makabagong panahon. Ang isinusulong namin ay mga lehitibong hangarin at pagbubukas sa pag-uusap tungkol sa mga usaping bumabagabag sa mga nananampalataya.

**Sagot:** Ang simbahan ay parang isang pamilya na kung saan maaring magtalo-talo ang magkakapatid. Normal ito at hindi dahilan para tuluyang itakwil na ang kapamilya. Higit sa lahat, tayo naman ay ipinagbuklod ng pananampalataya at pagmamahal at hindi lamang ng mga patakaran.

**Pahayag: Masyado kang kritikal sa Simbahan. *Anti-Catholic* ka. Layon mong ibagsak ang Simbahang Katoliko.**

**Tugon:** May mga taong ginagamit ang argumentong ito upang patahimikin ang debate sa loob. Huwag nating hayaang supilin ang kritikal na pagsusuri at pagninilay na siyang tuntungan ng ating mga desisyon at konsensya. Hikayatin natin ang bawat isa na maging bukas ang isipan at sama-sama nating hanapin ang katotohanan. Hindi natin makikita ang katotohanan kung walang pag-uusap at pag-aaral, kasama na rito ang debate.




**Tugon:** Ang pagpupuna sa mga posisyon ng simbahan ay hindi isang paglaban sa simbahan. Bilang isang dinamikong institusyon, natural lamang na maisalang ang simbahan sa mga pagpuna upang maging matatag at makaagapay ito sa pangangailangan ng panahon. Bahagi ito ng isang malusog at marangal na

pagsusuri. Alalahanin din na kung ang simbahan ay nakikialam na sa mga pampublikong polisiya, na sadyang ginagawa at karapatan naman nito, ang magiging posisyon nito ay maisasalang din sa parehong pagsusuri at kritisismo ng lahat. Sinuman ang gumawa ng pampublikong pahayag—maging obispo man o santo papa—ang kanyang mga posisyon ay magiging bukas sa pagtatasa, pagpupuna, at kritisismo.

**Tugon:** Hindi ko magagawa iyan sa simbahang minamahal at kinalakihan ko.  Nais ko lamang magkaroon ng pagbabago sa loob ng simbahan upang ito ay maging tunay na mapagkalinga at nakikinig sa mga hinaing ng taumbayan. Ako ay bahagi ng simbahan at ito ay bahagi din ng aking pagkatao. Bakit ko sisirain ang bahagi ng aking pagkatao?

**Tanong: Paaano mo masusuportahan ang desisyong mag-aborsyon kung ito ay isang pagpatay ng buhay?**

**Sagot:** Hindi nakakatulong ang paggamit ng maiinit na salita. Parang binabale-wala o hindi nirerespeto ang kakayanan ng kababaihang magdesisyon para sa kanilang sarili lalo na kung ito ay tungkol sa kanilang kalusugan, katawan, at buhay. Kadalasang isang mabigat at masakit na proseso ang pinagdadaanan ng sinumang babae na magdedesisyon nito. Sa Pilipinas kung saan ang aborsyon ay iligal at kadalasan ay di-ligtas, marami pa ring kababaihan ang nagsusugal ng kanilang buhay sa pagpapa-abort. Bukod sa pag-alam at pagtugon sa ugat ng problema, mas kakailanganin ng mga babaeng ito ang ating pagkalinga at pag-unawa bilang mga mabuting Kristiyano. Wala sa ating mga kamay ang paghuhusga ng kapwa.

**Sagot:** May iba't-ibang pananaw sa aborsyon kung bakit ito nangyayari at ginagawa. Ang aborsyon ay isang terminong medikal na ang ibig sabihin ay pagwawakas ng pagbubuntis (*termination of pregnancy*). Maaari itong sadya (*induced*) o di-sinasadya (*spontaneous or miscarriage*). May mga bansa at relihiyon na nagpapahintulot ng aborsyon sa ilang seryosong kadahilanan tulad ng kung nakasalalay ang buhay at kalusugan ng nanay, o di kaya ay resulta ng sekswal na karahasan (*rape and incest*).




**Sagot:** Panahon na para harapin ang katotohanang maraming babae ang namamatay dahil sa di-ligtas na aborsyon. Sa Pilipinas, ayon sa Guttmacher Institute study tinatayang 610,000 ang naganap noong 2012 at 560,000 naman noong 2008. Kung pagsasamahin lahat ito, mahigit sa isang milyon na ang aborsyong nangyari sa bansa mula 2008! Nakitang karamihan sa mga babaeng nagpapa-abort ay Katoliko, may-asawa, at nakatapos ng hayskul.[8] Ang malungkot pa rito ay nailalagay sa peligro ang buhay ng mga babaeng ito dahil ang aborsyon sa Pilipinas ay iligal at kadalasang di-ligtas. Taon-taon, 1,000 kababaihan ang namamatay dahil sa kumplikasyon sa aborsyon.[9] Pag-unawa at pakikiramay at hindi paghuhusga ang kailangan ng mga babaeng ito. Kasama sa RPRH Law ang pagbibigay ng makatao at mapagkalingang tulong sa mga babaeng dumanas ng aborsyon at kumplikasyong bunga nito (*management of post-abortion complications*).

**Pahayag: Isusulong ng RH Law ang kontrasepsyon tungo sa aborsyon.**

**Tugon:** Hindi nagsusulong ng aborsyon ang RH Law. Malinaw na nakasaad sa RH Law na ipinagbabawal ang aborsyon. Ngunit ang pagtulong at paggamot sa kumplikasyong bunga nito ay makatao, maka-Kristiyano, at maka-Diyos. Hindi

[8] Halaw mula sa https://www.guttmacher.org/pubs/FB-UPUAP.html
[9] Singh S et al., Unintended Pregnancy and Induced Abortion in the Philippines: Causes and Consequences, New York: Guttmacher Institute, 2006 mula sa http://www.guttmacher.org/pubs/IB-unintended-pregnancy-philippines.pdf

nating hahayaang magdusa at mamamatay ang isang babaeng dinudugo na dahil sa kumplikasyon ng aborsyon. Anuman ang kanilang motibo, hindi dapat husgahan ang mga babae at pahirapan sila dahil lamang hindi natin gusto ang kanilang ginawa. Alalahanin na tanging Diyos lamang ang maaaring humusga ng ating ginawa at buhay.

**Tugon:** Mahirap makinig sa sabi-sabi. Mas mainam na basahin mo mismo ang batas na RH 10354 at ituro kung alin doon ang nagsasabing ito nga ay nagtataguyod ng aborsyon. Bagamat 6 na beses nabanggit ang salitang "abortion" sa RH Law, laging binabanggit na ito ay ipinagbabawal. Maraming beses ding idiniin na titiyakin ng batas na ang mga kontraseptibong gagamitin ay "*non-abortifacients*" o hindi pampalaglag.

**Pahayag: Nilalaspatangan ng RH Law ang aking kalayaan sa relihiyon.**

**Tugon:** Sensitibo ang RH Law sa karapatang pantao o *human rights*. Sa katunayan, tinutuntungan ng batas ang maraming karapatan ng bawat isa tulad ng karapatan sa pantay na trato at pakikitungo (*equality and non-discrimination*), kalusugan at kaunlaran, kasama na ang kalayaang pumili ng relihiyon. Layon ng RH Law ang pagbibigay-kapangyarihan sa bawat isa sa pamamagitan ng *informed choice*. Mas makakapagdesisyon nang maayos ang indibidwal o mag-asawa kung mayroon silang sapat at wastong impormasyon.

**Tugon:** Pinapayagan din ng batas ang "*conscientious objection*" batay sa relihiyon. Ibig sabihin nito ay kinikilala ng batas ang mga mga "*conscientious objectors*" na magpaparehistro at maglalagay ng karatula sa kanilang mga klinik na hindi sila magbibigay ng *modern family planning information and services* kung sa tingin nila na ito ay lalabag sa kanilang relihiyon. Maaaring gawin ito ng ilang doctor, nars, at midwife kung matitiyak na hindi mailalagay sa alanganin o *emergency* at *life-threatening situation* ang sinumang babaeng dumulog sa kanila.[10]

[10] RA 8344: An Act Penalizing the Refusal of Hospitals and Medical Clinics to Administer Appropriate Initial Medical Treatment & Support in Emergency or Serious Cases

**Pahayag: May *population control agenda* ang RH Law. Pinipigilan nito ang mga mahihirap na mag-anak.**

**Tugon:** Hindi pinipigilan ng RH Law ang sinuman na magkaroon ng anak. Hinihikayat nga ng batas na sana, lahat ng pagbubuntis ay planado at kagustuhan ng babae o ng mag-asawa at, ang lahat ng batang ipapanganak ay mamahalin at kayang arugain o palakihin nang maayos. Nagbibigay ang RH Law ng sapat at wastong impormasyon at komprehensibong serbisyo upang maging ligtas ang pagbubuntis at panganganak ng bawat ina. Syempre, mas binibigyang prayoridad ang mahihirap sapagkat sila ang mas nangangailangan ng tulong mula sa pamahalaan.


**Tugon:** Karapatan ng bawat tao kung nais niyang magkaroon ng anak. Ang tinitiyak ng RH Law ay mayroong sapat na impormasyon at serbisyo ang bawat isa para makamit ang karapatang ito. Kung nais ng isang babae, halimbawa, na hindi muna magbuntis, hindi ito *population control*. Sino bang babae ang gusto na manganak nang manganak nang hindi naipapahinga at natitiyak na handa at malusog ang kanyang katawan?

**Tugon:** Hindi *population contro*l ang pagpaplano ng pamilya. Isa itong pagiging isang responsableng magulang. Tinitiyak lamang na handa ang nanay at ang mag-asawa na magluwal ng bata sa mundo na kaya nilang alagaan, pakainin, at pag-aralin nang wasto

**Pahayag: Ang tunay na Katoliko ay umaayon sa posisyon ng simbahan. Hindi namimili ang tunay na Katoliko kung alin ang paniniwalaan o susundin sa mga itinuturo ng simbahan.**

**Tugon:** Sa totoo lang, maraming Katolikong hindi umaayon sa lahat ng sinasabi ng pari at obispo. Sa mga pagkakataong hindi nila nagugustuhan ang naririnig, mas ginagamit nila ang kanilang pag-iisip at konsensya sa pagdedesisyon. Maraming na ring Katoliko ang sumusuporta sa RH at kontrasepyon at umaayon sa diborsyo at sa relasyong homosekswal. Ilang surveys na ang inilunsad at lumalabas na 7 sa 10 Pilipino ang pabor sa RH Law, na inaayawan ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas.[11]

[11]Halaw mula sa http://newsinfo.inquirer.net/592428/7-of-10-filipino-adults-favor-rh-law-sws-survey




Dagdag pa, pinapahalagahan ng simbahan ang pangunguna ng konsensya (primacy of conscience). Sa kaibuturan ng ating konsensya ay kanlungan o santuaryo kung saan tayo ay mag-isang kasama ang Diyos na nananawagang tayo'y magmahal, gumawa ng tama, at iwasan ang masama (Gaudium et Spes #16).

**Tugon:** Sa katunayan, lahat ng Katoliko, konserbatibo man o progresibo, ay gumagawa ng mga personal na desisyon kung alin sa mga pusisyon ng Simbahan ang susundin. Halimbawa na lamang ay ang tungkol sa RH, HIV at AIDS. Maski nga si Santo Papa Benedict ay umayon na rin sa paggamit ng condom upang mapigilan ang pagkalat ng virus. Isa ring katotohanan na iilan lamang ang mga obispong tumatangging magbigay ng komunyon sa mga proRH. Ibig sabihin ba nito ay mayroong mga obispong mas Katoliko pa kaysa iba?

**Tugon:** Maraming bagay na maski ang mga debotong Katoliko ay hindi umaayon sa pusisyon ng simbahan tulad ng kontrasepsyon at *family planning*, digmaan, parusang kamatayan, pagtanggap ng donasyon mula sa jueteng at ibang iligal na pamamaraan, pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki, diborsyo, at iba pa. Ibig sabihin ba ay hindi na sila Katoliko?

● ● ● ● ● ●

**Pahayag: Gaano ka ba kadalas magsimba? Kung hindi ka regular na nagsisimba, hindi ka tunay na Katoliko.**

**Tugon:** Hindi lahat ng palasimbang Katoliko ay Kristiyano sa

wika at sa gawa. Kung paano mo isinabuhay ang pagmamahal, pagkalinga, at pag-unawa ni Kristo sa lupa—iyan ang tunay na pamantayan ng isang Katolikong Kristiyano. Ayon nga kay Santiago 2:14-24, "...ano ang mapapala ng isang tao kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa . . . ?"

**Tugon:** Bago pa tayo magkapersonalan, mas mainam na pag-usapan natin ang isyu—hindi ang tungkol sa iyo o sa akin. Pero liliwanagin ko na ako ay isang mabuting Katoliko (*in good standing*) at ang aking pananaw at kilos ay naayon sa pangkabuuang paniniwala sa simbahan. Personal akong naniniwala na maka-Kristiyano ang pagtulong sa babae o/at mag-asawa na magplano ng pamilya.

**Tugon:** Marahil ay inuugnay mo ang pagdalo ko sa misa sa antas at tibay ng aking pananampalataya. Kung ang sagot ko'y "araw-araw" mas nagiging kapani-paniwala ba ang aking sasabihin? Ang pagiging palasimba ay hindi sukatan ng pagiging isang Katoliko o ng pagiging totoo ang aking mga pananaw.

**Tugon:** Ang pagiging tunay na Katoliko ay hindi nasusukat sa pagdalo sa mga ritwal. Hindi rin sinasabi ng simbahan na hindi na Katoliko ang mga hindi nagsisimba. Nagiging Katoliko tayo dahil bininyagan tayo at nananampalataya tayo bilang Katoliko.




**Tugon:** Maski naman yata ikaw ay maniniwalang ang sukatan ng isang tunay na Katoliko ay higit pa sa pagsisimba. Maraming nagsisimba araw-araw na masama naman ang ugali at pakikitungo sa kapwa. Mayroon pa ngang iba na nagsasabi na ang

survey ng mga Katoliko ay walang kabuluhan sapagkat hindi naman lahat ng Katolikong tinanong dito ay nagsisimba linggo-linggo. Maski naman siguro ikaw ay sasang-ayon na ang pagiging Katoliko ay higit pa sa pagsisimba lamang.

**Tugon:** Ang dapat yatang tanong ay: Ano ang pamantayan ng isang mabuti at tunay na Katoliko? Ang mga sakramento ay bahagi ng buhay ng isang Katoliko ngunit hindi ito lamang ang tanging sukatan. May mga bagay na ispiritwal at tanging ang Diyos lamang ang makapaghuhusga nito.

**Pahayag: Hindi isang demokrasya ang simbahan.**

**Tugon:** Nagtataka ako kung bakit mo ipinagmamalaki pa ito. Naniniwala ako na mas makabubuti para sa simbahan kung gagamit ito ng demokratikong pamamaraan kung saan pakikinggan at kinukunsulta ang mga kasapi (theologian, madre, pari at ang mahigit na isang bilyong layko sa mundo) sa pagbubuo nito ng mga patakaran at posisyon, imbis na ang Vatican lamang sa Roma ang magdedesisyon.

**Tugon:** Kung hindi isang demokrasya ang simbahan, e ano ngayon ito—isang korporasyon na kayang sisantehin ang mga tao dahil sa di pagsunod?

**Pahayag: Dahil sa mga ginagawa mo, dapat kang itiwalag o i-excommunicate sa simbahan.**

**Tugon:** Nakakapagtaka namang isipin na ekskomunikasyon kaagad ang panapat natin sa mga kritikal sa posisyon ng Simbahan. Hindi ba mas mahusay na mapagkaisa at mapagtanggap ang ating Simbahan kaysa pinapalayas ang lahat ng mga di-umaayon? Tumitibay ang institusyon kung hinaharap nito ang mga debate at kritisismo sa paraang mahusay na pagpapaliwanag at argumentasyon at hindi sa pamamagitan ng pagpapatalsik sa mga iba ang pag-iisip.

**Sagot:** Ang ekskomunikasyon ay isang marahas na parusa na bihirang gawin ng simbahan. Hindi pinapatalsik ng simbahan ang mga tao dahil sa kanilang pag-iisip.

**Tugon:** Hindi ko alam bakit may mga taong naniniwala na ang ekskomunikasyon o pagpapatiwalag sa simbahan ay mabuting paraan upang harapin ang mga di pagkakasunduan. Mas mainam para sa isang simbahan na maging mapagtanggap at mapang-unawa sa lahat kahit na yaong mga kritiko nito.

**Tugon:** Karamihan sa mga theologians at canon lawyers ay umaayon na ang usapin ng kontrasepsyon at aborsyon ay nangangailangan ng seryosong talakayan sa loob ng simbahan. Ang taong prochoice o proRH ay hindi awtomatikong nae-excommunicate. Sa katunayan, may iba't ibang antas ng pagtutol o di-pag-ayon (*dissent*) sa mga aral (*teachings*) ng simbahan. Maaaring personal mo lang na kagustuhan ang pagnonobena o hindi—bagamat hinihikayat ito ng simbahan. May mga hindi rin sumusunod sa mga disiplina tulad ng walang sekswal na relasyon dapat ang pari, pag-aayuno tuwing Semana Santa, mga pista ng obligasyon. Di pag-ayon naman sa pormal na posisyon ng Simbahan ang paggamit ng artificial contraception at maski ecumenism. Samakatuwid, hindi pamantayan ang paggamit ng contraceptives para ikaw ay ma-excommunicate.[12]




[12] Bishop Raymond A. Lucker. The American Catholic (January/February 2001 issue)

**Pahayag: Hindi ka ba nagbabasa ng Katekismo? Sinasabi rito na ang kontraseptibo ay kasalanan, masama, at imoral.**

**Tugon:** Magandang sanggunian at gabay ang *Katesismo* pero sa katunayan, ang mga nakasaad dito ay hindi naman nakatatak na sa bato. Matatandaan na naunang katesimo noong mga taong 1800s ay inaayunan pa ng simbahan ang pang-aalipin. Nagbago na ito sa kasalukuyan dahil kinukundina na ng Simbahan ang pang-aalipin o *slavery*.

**Tugon:** Ang turo at posisyon ng simbahan sa RH at sa iba pang kaakibat na usapin ay nangangailangan ng mas malalim na pag-unawa. Sa gitna ng mga turo ng simbahan sa usaping moral ay ang pagpapahalaga sa konsensya ng indibidwal.

**Pahayag: Ang sinasabi ng pari o obispo ay batas. May obligasyon ang mga Katoliko na sumunod sa sinasabi ng simbahan.**

**Tugon:** Tunay na may obligasyon tayong sumunod sa simbahan, pero dapat rin nating tandaan na ang simbahan ay hindi lamang binubuo ng mga kaparian kundi kasama tayong lahat na mamamayang nananampalataya. Bawat isa sa atin ay may biyaya ng konsensya upang maiwasan ang ating bulag na pagsunod sa mga pinuno.



**Pahayag: Kung ikaw ay nagtataguyod o sumusuporta sa RH, hindi ka dapat tumatanggap ng komunyon.**

**Tugon:** Hindi dapat pinupulitika ang mga sakramento at ang sakramento ng komunyon ay hindi isang armas laban sa mga taong iba mag-isip.

**Tugon:** Ilan lamang sa mga pari at obispong gumagamit ng komunyon para sa pampulitikang layunin. Karamihan pa rin sa mga kaparian ay nagbibigay ng komunyon maski sa mga taong proRH at prochoice.



# Kontrasepsyon

Ang kontrasepsyon ay isang mahalagang bahagi ng sekswal at reproduktibong kalusugan at karapatan ng tao. Hindi lamang pinipigilan ng kontrasepsyon ang pagkakaroon ng di-gusto at di-sinasadyang pagbubuntis (*unwanted and unplanned pregnancy*) at ang pagkalat ng *sexually transmitted infections* (STIs), binibigyan din nito ang mga kalalakihan at kababaihan ng mas maraming pamimilian (*choices*) kung paano nila planuhin ang kanilang buhay. Ang paglawak ng mga opsyon na ito ay mahalagang bahagi ng pagbibigay-kapangyarihan (*empowerment*) sa mga kababaihan at kalalakihan na magdesisyon para sa kanilang sarili nang ayon sa kanilang paniniwala, pangangailangan, at kakayanan.

**Tanong: Kung nais mong planuhin ang dami ng iyong anak, bakit hindi mo itaguyod ang natural family planning (NFP), na isang epektibong pamamaraan na inaayunan ng Vatican?**

**Sagot:** Ang NFP method ay isa lamang sa maraming mapagpipiliang pamamaraan ng family planning. Mas mainam na binibigyan natin ang mga tao ng sapat na kaalaman at serbisyo tungkol sa iba't ibang pamamaraan ng family planning upang makapagdesisyon sila nang ayon sa kanilang paniniwala, kakayanan, at plano sa buhay.

**Sagot:** Oo naman, ang NFP ay isang mahusay na pamamaraan, ngunit hindi ito para sa lahat. Mainam ito para sa mga babaeng may regular na buwanang regla, o di kaya ay mayroong matulungin at maunawaing asawa. Kailangan din ng disiplina at pagpipigil sapagkat sa panahong "*fertile*" ang babae ay

kadalasang iyon din ang panahong mataas ang kanyang pagnanasa (*desire*) sa pagtatalik. Mahalaga rin ang pagre-record sa kalendaryo ng mga araw na may regla at walang regla, at ang *temperature* at *cervical mucus* sa araw-araw. Pero may mga pagkakataon ding ang NFP ay mahirap gawin tulad halimbawa kung ang asawa ay isang OFW o lingguhan lang ang pag-uwi.

**Sagot:** Mahusay ang NFP sa pagpigil ng pagbubuntis kung ginagamit ito nang mahusay at naaayon. Ngunit hindi kaya nitong protektahan ang mag-asawa na kung saan ang isa ay may HIV o di kaya ay may *sexually transmitted infection* (STI).

**Tanong: Hindi ka makasisiguro sa *condom* at iba pang pamamaraang pangkontraseptibo. Pumapalya pa rin ito. Hindi ba mas mabuting turuan ang mga tao na magpigil o *abstinence* o di kaya ang pagiging tapat sa kanilang partner?**

**Sagot:** Tunay na 100% effective ang abstinence sapagkat walang pagtatalik na mangyayari. Ngunit sa totoong buhay, lalo na sa mga kapatid nating OFWs na umuuwi upang magbakasyon at may limitadong panahon lamang ang ititigil na kasama ang asawa, mapipigilan ba ang "panggigigil"? Ikalawa, hindi naman talagang ipinagkakaila na condom at iba pang contraseption ay pumapalya din kung minsan. Ayon nga pag-aaral, ang condom ay mayroong 84% effectiveness at ang oral contraceptive pills naman ay mayroong 92-97% effectiveness.[13] Mas mataas pa rito ang husay ng modern family planning methods ayon sa World Health Organization




[13] Mula sa http://www.cdc.gov/reproductivehealth/unintendedpregnancy/pdf/contraceptive_methods_508.pdf at http://www.ashasexualhealth.org/pdfs/ContraceptiveOptions.pdf

(WHO).[14] Ang kailangan natin sa ngayon ay palawakin ang mga kaalaman ng mga tao, hindi ang pagpapakitid ng kanilang mga pagpipilian. Mainam na hikayatin natin ang mag-asawa na magplano ng pamilya nang naaayon sa kanilang kakayanan, kalagayan, at paniniwala. Ang tanging maitutulong natin ay bigyan sila ng sapat at tamang impormasyon, gamit, at serbisyo para sa pagpaplano ng pamilya.

**Sagot:** Para sa iba, ang pagpipigil sa sex (*abstinence*) at pagiging tapat (*being faithful*) ay isang mahusay na paraan. Ngunit kung ito lamang ang ituturo, hindi natin nabibigyan ng sapat na kaalaman ang mga tao. Dahil sa kakulangan sa impormasyon, maaari pa ring magkaroon sila ang di-sinasadyang pagbubuntis o di kaya ay impeksyon mula sa pakikipagtalik (*sexually transmitted infection*). Kailangan ng bawat isa ang sapat at tamang impormasyon upang matiyak nilang ligtas at malusog ang kanilang sarili at pamilya.


**Pahayag: Ang condom at iba pang pamamaraang pangkontraseptibo ay nakakapaghikayat ng *mentality of sexual promiscuity* o pagiging mapusok at mapahangahas sa sex.**

**Tugon:** Kapag sinabi mong nagiging mapusok sa sex ang mga tao dahil sa contraceptives, para mo na ring sinabi na ang mga *seatbelts* ay naghihikayat sa mga drayber na maging kaskasero. Ang ang paggamit ng condom ay pagkakaroon ng proteksyon sa mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik at sa di-inaasahang pagbubuntis. Hindi nito ginagawang malibog ang gumagamit nito.




[14] http://www.who.int/mediacentre/factsheets/fs351/en/

**Pahayag: Sapagkat mayroon nang condom, mas nagiging mapusok sa sex (*promiscuous)* ang mga tao. Dahil dito, mas lalong dadami ang kaso ng AIDS. Ang tanging paraan upang mapigilan ang pagkalat ng HIV ay sa pamamagitan ng *abstinence* at pagiging tapat sa partner.[15]**




**Pahayag:** Sa aking pananaw, tinitingan kong mas nakahihigit ang pakinabang sa paggamit ng condom. Tinatayang ang condom ay mayroong 80-85% effectiveness.

**Pahayag:** Tiyak na tataas ang insidente ang HIV kung ating babatikusin ang paggamit ng condom. Sa kasalukuyan, ang condom pa rin ay pinakaepektibong gamit-kaligtasan sa pagpigil ng pagkalat ng HIV kung alinsunod at tama ang paggamit nito.

**Pahayag:** May karapatan din ang bawat tao, positibo man o hindi sa HIV, na magkaroon ng mga pagpipilian (*choices*) sa buhay. Kung hindi maaari ang *abstinence*, malaking proteksyon ang paggamit ng condom laban sa pagkalat ng HIV.

**Pahayag:** Sadyang hindi tanging condom lang sagot sa pandaigdigang pagkalat ng HIV at AIDS. Ngunit ang paggamit nito ay isang mahalagang bahagi ng kampanya para mapigilan ang pagkalat ng virus. Mas mahirap kasing itaguyod ang kampanyang huwag nang magtalik ang mga tao.

● ● ● ● ● ●

**Pahayag: Maaaring makasama ang *hormonal contraceptive* sa kalusugan ng babae. Hindi ito natural at organic. Pino-pollute lamang nito ang katawan ng babae.**

---

[15] Ang AIDS ay kondisyon na acquired immunodeficiency syndrome samantalang ang HIV o human immunodeficiency virus ay ang mikrobyong nagdadala ang impeksyon.
[16] http://www.aidsmap.com/page/1746203/

**Tugon:** Maraming duktor at siyentista ang umaayon na kalabisan ang paniniwala ng ilan tungkol sa panganib ng *hormonal contraception*. Kapag ang ganitong pananaw ay hindi nauuwaan nang maigi, maaaring maraming kababaihan ang titigil o di-magiging maayos ang paggamit ng kontraseptibo. Ito ngayon ang magtutulak sa pagkakaroon ng di-inaasahang pagbubuntis at posibleng mauwi sa aborsyon. Lagi nating sinasabi na kailangang magpakonsulta muna sa duktor bago gumamit ng *hormonal contraceptives*.




**Tugon:** Ang *hormonal contraceptives* ay hindi para sa lahat ng babaeng ayaw munang magbuntis. Kailangan pa rin ng kumunsulta sa duktor bago gumamit ng *hormonal contraceptives.* Dagdag pa, may mga gamot ding *synthetic* o di-natural. Ibig sabihin ba nito ay pino-pollute nila ang katawan ng tao kapag umiinom ng mga gamot na ito?

**Tugon:** Dapat hinihikayat ang kababaihan na gumawa ng mga ganitong desisyon para sa kanilang sarili, batay na rin sa payo ng kanilang duktor. Kailangan nating pagkatiwalaan ang kababaihan sa kanilang pagtitimbang ng panganib at pakinabang sa kanilang pagdedesisyon at pagpaplano ng pamilya. Hayaan natin silang pumili ng paraang ligtas at angkop sa kanilang buhay at kalagayan.

**Pahayag: Ang paggamit ng kontrasepsyon ay pareho na rin sa aborsyon.**




**Sagot:** Walang aborsyon kung walang pagbubuntis. Pinipigilan ng kontrasepsyon ang pagtatagpo ng semilya at itlog at dahil dito, walang pagbubuntis na mangyayari. Sa pamamagitan ng family planning naiiwasan ang di-planong pagbubuntis. Kung planado ang pagpapamilya, natitiyak na naiispasyo ang panganganak at may sapat na panahon at kakayahan na alagaan ang mga bata.

**Sagot:** Ang family planning ay hindi aborsyon. Sa katunayan, pinabababa ng family planning ang insidente ang aborsyon. Taun-taon, tinatayang mayroong 40 milyong aborsyon sa buong mundo na ikinamamatay 47,000 kababaihan. Higit sa kalahati ang maiiwasang aborsyon (26 milyon) kung tutugunan ng pamahalaan ang pangangailangan sa family planning.[17] Bumaba rin ang aborsyon sa mga bansang mataas ang access sa kontraseptiba tulad ng Hungary, South Korea, Russia, Kazakhstan, Bangladesh.[18]

● ● ● ● ● ●

**Pahayag: Hindi mapipigilan ng kontrasepsyon ang mga babae na magpalaglag.**

**Tugon:** Sa katunayan, sinasabi sa mga pagsasaliksik na pinabababa ng kontrasepsyon ang pagkakaroon ng aborsyon ng 85%.[19] Kung maiiwasan ang mga di-planado at di-gustong pagbubuntis, tiyak na bababa ang mga nais magpalaglag.

[17] https://www.populationinstitute.org/external/Family_Planning_Saves_Lives.pdf
[18] http://www.rand.org/pubs/issue_papers/IP176/index2.html#fn5
[19] Mula sa http://www.guttmacher.org/pubs/tgr/06/4/gr060407.html

**Tugon**: Tama, kahit na anong gawin natin upang mapigilan ang aborsyon, mayroon at mayroon pa ring mga babae na gagawa nito. Ngunit malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng kontrasepsyon at komprehensibong edukasyon sa sekswalidad upang mabawasan ang mga ganitong pangyayari.

**Pahayag: Ang kontrasepsyon ay isang dayuhang imposisyon o dayuhang ideya na pilit na ipinatatanggap sa mga Pilipino. Hindi naman ito katutubo sa ating bayan. Dala-dala lamang ito ng mga dayuhan.**




**Tugon:** Mahirap naman sabihing lahat ng dayuhang ideya ay masama o pakikialam sa ating katutubong pananaw at pamumuhay. Sa panahon ng globalisasyon at maunlad na teknolohiyang pangkomunikasyon, hindi mapipigilan ang paglawak ng ugnayan ng mga tao, bansa, at kultura. Alalahanin na ang mismong simbahang Romano Katoliko ay dinala sa atin ng mga dayuhang Kastilang mananakop. Ayon nga sa mga historyador, ang Pilipinas daw ay sinakop ng Kastila sa pamamagitan ng "*cross and sword*".

**Tugon:** May mga herbal at katutubong pamamaraan ng family planning at kontrasepsyon ang ating mga ninuno. Hindi na rin bago ang ideya ng kontrasepsyon sa atin.

**Pahayag: Ang kontraseptibo ay isang paraan ng *population control.* Nais lamang ng mga nagtataguyod nito na pigilan ang mahihirap na magkaroon ng mga anak at dumami.**

**Tugon:** Hindi kami umaayon sa *population control.* Isinusulong nga namin ang kalayaan at kasarinlan ng mga tao sa pagdedesisyon para sa kanilang buhay at kalusugan batay sa tamang impormasyon. Ito ang tinatawag na *informed choice.* Kadalasan, ang pagkakataon (*chances*) na mapabuti ang kalagayan ay napipigilan ng mga kakarampot at limitadong pinagpipilian (*choices*).

**Sagot:** Sa mga gumagawa ng *population control,* kasama ba riyan ang Simbahang Katoliko—na hinahayaan ang mga kababaihang na mag-anak nang wala sa plano dahil sa kawalan ng tama at mahusay na impormasyon at serbisyo tungkol sa ligtas na family planning? Kasama ba riyan ang mga pamahalaang namimilit ng isterilisasyon o kontrasepsyon, o aborsyon? Hindi kami umaayon sa pamimilit. Naniniwala kami sa *informed choice.*

**Sagot:** Sa katunayan, nais at kailangan ng mga kababaihan ang *family planning* para sa dignidad at kagalingan ng kanilang sarili at ng kanilang pamilya. Itinataguyod namin ang karapatan at kagustuhan ng mga kababaihan.

**Pahayag: Korupsyon lamang ang kontrasepsyon. Makikinabang lang dito ang mga corrupt na mga nasa gobyerno at mga parmasyutiko.**

**Tugon:** Nasa tao at sistema ng pamamahala ang pagkakaroon ng korupsyon. Anumang programa ng pamahalaan na may kaukulang pondo—tulad halimbawa ng pondo sa kalusugan, edukasyon, imprasktruktura, at iba pa—ay maaari pa ring magamit sa korupsyon o pansariling ganansya. Hindi ibig sabihin na kapag matindi na ang korupsyon ay hindi na tayo maglalaan ng pondo at magbibigay ng serbisyo. Sa katunayan, maraming balita tungkol sa matinding korupsyon sa pagpapagawa ng lansangan at pabahay. Dahil dito, hindi na ba tayo gagawa ng lansangan at pabahay habang may korupsyon? Hindi na rin ba tayo magbibigay ng libreng gamot, edukasyon, libro, at iba pa? Ang dapat nating itaguyod ay mas maayos na pamamahala at sistemang mag-aalis sa korupsyon sa ating pamahalaan; pero hindi dapat itigil ang serbisyo-publiko at pagbibigay-kaalaman sa mamamayan.

# Sex, Sexuality at Sexual Health

Magkakaugnay ngunit magkakaiba ang mga salitang ito.Ang **sex** ay tumutukoy sa pampisikal na katangian: kung ikaw ay babae (*female*) o lalaki (*male*). *Biological* wika nga. Sex din ang tawag sa pakikipagtalik (*sexual intercourse*).

Samantala, ang **sekswalidad (*sexuality*)** ay ang kabuuang ekspresyon ng iyong pagkatao. Kasama rito ang iyong pagtingin sa ating katawan (*body image*), gawain at kilos bilang babae o lalaki, ang ating pag-ibig at pakikipagrelasyon, kung saan tayo kinikilig o sino ang ating nagiging *crush*, Ang ating sekswalidad ay nagsisimula sa ating pagsilang at magtatapos ito sa iyong pagkamatay—from *birth to death*. Kaya nga nasasabing ang bawat tao ay isang *sexual being*. Habang tayo ay nabubuhay, nahuhubog ang ating mga *values, attitudes, behaviors* na bahagi rin ng ating sekswalidad. Naiimpluwensyahan din ang ating sekswalidad ng ating pamilya, kultura, lipunan, paniniwala, at pananampalataya. Ang ating sekswalidad ay normal at malusog na bahagi ng ating buhay.

Dahil iba-iba ang ekspresyon ng sekswalidad ng tao, mahalaga na maging magalang tayo sa kapwa. Maging maunawain tayo at iwasan ang pagiging mapanghusga—lalo na kung ibaba natin ang katayuan ng kapwa. Hindi magandang manlait ng ibang tao.

Ang ***sexual health*** naman ay kalagayang pisikal, emosyunal, mental, at sosyal na kagalingan na may kinalaman sa ating sekswalidad. Makakatulong ang positibong pananaw sa sekswalidad at pakikipagrelasyon sa pagkakaroon ng malusog na kalusugang sekswal. Mahalaga rin na walang pamimilit, diskriminasyon, at karahasan sa anumang uri ng pakikipagrelasyon at karanasang sekswal.

Ang malusog na **sexual and reproductive health** ay karapatan nating lahat. Obligado ang ating pamahalaan na ito ay respetuhin, protektahan, at makamit ito ng bawat mamamayan.

**Pahayag: Sinasabi ng Simbahan na dapat bukas ang bawat pagtatalik sa pagbubuo ng buhay. Hindi dapat magtalik kung walang balak mag-anak.**

**Tugon:** Tunay na ito nga ang makasaysayang linya na tinatahak ng pamunuan ng simbahan. Ngunit noong Vatican II, kinilala na may mga mag-asawa na nasa sitwasyong hindi kaya ang malalaking pamilya kaya nga maski ang Simbahan ay nagrerekomenda na rin ng *natural family planning*.

**Tugon:** Sinasabi ng aking konsensya na hindi makatwiran ang ganitong turo. Mas sinasalamin ng turong ito ang makalumang konteksto kaysa ang layuning mapangalagaan ang indibidwal at pamilya. Ang pagtatalik ay hindi lamang para gumawa ng bata. Ang sex ay sagradong pagbubuklod ng tao at, aminin na rin, kasama na rin ang pisikal na kasiyahan (*pleasure)* ng dalawang nagmamahalan. Hindi nakakatulong at hindi makatotohanan kung iyan lamang ang dahilan kung bakit nagtatalik ang tao.

**Tugon:** Hindi na ba puedeng magtalik ang mag-asawang hindi na puedeng mag-anak? Paano naman ang mag-asawa na kung saan ang isa ay positibo sa HIV at delikado ang pagkakaroon ng *unprotected sex*? Paano ang mga *elderly couples* na hindi na puwedeng mag-anak? Sila rin ba ay bawal na magtalik?

**Pahayag: Sinabi raw sa bibliya na "humayo kayo at magparami," kaya dapat lang na tayo ay magparami ng anak.**

**Tugon:** Ang pag-unawa o pagbasa sa bibliya ay di-dapat gawing literal kundi dapat gawing kontekstwal. Ibig sabihin ay aalamin natin: a) kung sa anong yugto ng kasaysayan; b) kung kanino patungkol; at c) kung sino ang sumulat ng berso na ito. Hindi lamang usapin ng pisikal na pagpaparami ng anak ang ibig sabihin nito, kundi magparami tayo ng ating talento at kakayanan upang maging produktibo ang ating pamumuhay.

**Tugon:** Maging si Pope Francis ay nagsabing "*Catholics must not breed like rabbits*."[20] Mahalagang maging responsable ang magulang sa pagpaplano ng pamilya, kasama na rito ang pag-iispasyo ng mga anak na kaya nilang alagaan.

[20] http://ncronline.org/news/vatican/dont-breed-rabbits-was-pope-francis-breaking-new-ground-birth-control




**Pahayag: Maging mapusok o *promiscuous* ang mga kabataan kung sila ay tuturan ng *sex education* sa paaralan.**

**Tugon:** Ang sekswalidad ng tao ay nakatuntong sa respeto, disiplina, at responsibilidad. Ang pagiging mapusok ay maaaring bunga na rin ng kawalan ng tamang impormasyon kung paano pangangalagaan ang kanilang sekswalidad. Maski nga ang ilang mga pari na dumaan sa masusing pormasyon at matinding pagsasanay ay natutukso pa rin sa tawag ng laman—paano pa kaya ang mga kabataang walang pagsasanay sa pagkakaroon ng responsibilidad at sa pagiging sagrado ng pagtatalik at ng kasal? Mas madaling mabiktima ang mga walang sapat at angkop na impormasyon.

**Tugon:** Ang sex education ay pinaikling sexuality education na isa sa mga probisyon ng RH Law. Ito ay dapat na *age and developmental appropriate*. Ibig sabihin, iniaayon ang impormasyon at pagtuturo batay sa edad at kakayanang umintindi ng mga mag-aaral. Saklaw ng sex education ang pangangalaga ng kalusugan at sekswalidad ng kabataan kasama na ang proteksyon laban sa karahasan at pang-aabuso.

**Pahayag: Ang kasal ay panghabambuhay. "Ang ipinagbuklod ng Diyos ay di dapat paghiwalayin ng tao." Kaya kahit nahihirapan na, hindi pa rin dapat makipaghiwalay ang babae sa kanyang asawa. Kailangang ipagdasal na lamang upang magbago ang nang-aabusong asawa.**

**Tugon:** Sadyang nakatutulong ang pagdarasal lalo na sa panahon ng pagkalito at paghihirap. Ngunit mayroon na tayong batas tungkol sa pang-aapi at karahasan sa loob ng mapang-abusong relasyon. Ilan sa mga ito ay ang Republic Act (RA) 9262 o ang Violence Against Women and Children (VAWC), RA 8353 or Anti-Rape Act of 1997 kung saan kinikilala na rin ang *marital rape* o reyp sa loob ng kasal.

**Tugon:** Tanging ang Pilipinas lamang ang bansa sa buong mundo ang walang batas sa diborsyo. Ang mga babaeng nais makipaghiwalay ay maaaring magsampa ng *legal separation* o di kaya ay *annulment*. Sa *legal separation*, kinikilalang mayroong kasal. Sa *annulment*, sinasabing ang kasal ay walang esenyal na elemento sa simula't simula pa lamang. Sa RA 8533 o amended Family Code of the Philippines nakasaad ang mga batayan sa *annulment*. Kung nais ipa-annul ang kasal sa simbahang Katoliko, maaaring dumulog sa Marriage Tribunal sa tulong ng mga *canon lawyers*. Sa sibil man o simbahang Katoliko, may mga prosesong kailangang pagdaanan ang sinumang nais makipaghiwalay sa asawa.

**Tugon:** Ang kasal ay isa sa mga sagradong sakramento sa mga Katoliko. Maluwag at malinaw sa puso't isipan at kahandaan ng dalawang taong nagpapakasal na tupdin ang pangangailangan ng sakramentong ito. At higit sa lahat, kailangang may pag-ibig at pagmamahal na namamayani rito.

**Pahayag: Abnormal at kasalanan ang pagiging homosekswal.**

**Tugon:** Ang pagkatao at dignidad natin ay hindi nakasalalay sa kung ano ang ating sekswal na oryentasyon. Ang mga LGBT (lesbian, gay, bi-sexual, transgender) ay mga tao rin at anak ng Diyos. Hindi dapat sila husgahan o i-discriminate. Kasama sila sa dapat na nagtatamasa ng karapatang pantao. Maski nga si Pope Francis ay nagsabing, "*Who am I to judge?*" Pinaalala ni Pope Francis na mahal ng Diyos ang lahat ng nilalang; at dapat isinasaalang-alang ang kabuuan at dignidad ng indívidwal. Ang bawat tao ay hindi dapat ikinakahon sa kanilang mga sekswalidad.[21]




[21] http://www.catholicnewsagency.com/news/pope-francis-explains-who-am-i-to-judge-in-his-new-book-21443/

## MGA PINAGSANGGUNIAN:


2014 Survey ng Social Weather Station. https://www.sws.org.ph/pr20140407_SWS%20Confirms%20Survey%20on%20RH%20Law%20for%20The%20Forum%20(media%20release).pdf at http://www.sws.org.ph/pr081016.htm

Aguiling-Pangalangan. 2014. "Parliamentary politics vis-à-vis judicial strategies: Promoting Reproductive health in the Philippines," inedit nila Zheng Yongnian, Lye Liang Fook, at Wilhem Hofmeister. New York: Routledge, 141.

Aidsmap. Do Condoms Work? sa http://www.aidsmap.com/page/1746203/

American Sexual Health Association. 2013. Birth Control Comparison Chart. http://www.ashasexualhealth.org/pdfs/ContraceptiveOptions.pdf

Bulatao, Rodolfo A. 1998. The Value of Family Planning Programs in Developing Countries. Santa Monica, CA: RAND Corporation. http://www.rand.org/pubs/monograph_reports/MR978.html. Also available in print form.

Catholic Church. Compendium of the social doctrine of the Church. mula sa http://www.vatican.va/roman_curia/pontifical_councils/justpeace/documents/rc_pc_justpeace_doc_20060526_compendio-dott-soc_en.html

Deschener, Amy and Susan A. Cohen. "Contraceptive Use Is Key to Reducing Abortion Worldwide," in The Guttmacher Report on Public Policy, vol. 6, no. 4, October 2003. (http://www.guttmacher.org/pubs/tgr/06/4/gr060407.html

Gibson, David. "Don't breed 'like rabbits': Was Pope Francis breaking new ground on birth control? National Catholic Reporter, January 21, 2015. http://ncronline.org/news/vatican/dont-breed-rabbits-was-pope-francis-breaking-new-ground-birth-control

Guttmacher Institute. 2013. Fact Sheet on Unintended Pregnancy and Unsafe Abortin in the Philippines. https://www.guttmacher.org/pubs/FB-UPUAP.html

Inquirer.net. "7 of 10 Filipino adults favor RH law—SWS survey."April 7, 2014 sa http://newsinfo.inquirer.net/592428/7-of-10-filipino-adults-favor-rh-law-sws-survey

Magandang Balita para sa Ating Panahon (Biblia na Isinalin sa Wikang Tagalog may Deuterocanonico). Manila: Philippine Bible Society

RA 10354 or An Act Providing a National Policy on the Responsible Parenthood and Reproductive Health Act of 2012. http://www1.umn.edu/humanrts/research/Philippines/Republic%20Act%2010354.pdf

RA 8344: An Act Penalizing the Refusal of Hospitals and Medical Clinics to Administer Appropriate Initial Medical Treatment & Support in Emergency or Serious Cases, Amending for the Purpose Batas Pambansa Bilang 702, Otherwise Known as "An Act Prohibiting the Demand of Deposits or Advane Payments for the Confinement or Treatment of Patients in Hospitals and Medical Clinics in Certain Cases. 1997 (http://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra1997/ra_8344_1997.html)

Singh S. et al., Unintended Pregnancy and Induced Abortion in the Philippines: Causes and Consequences, New York: Guttmacher Institute, 2006 page 5. According to the Guttmacher Institute report, in 2004 more than 80% of Filipino women who terminated their pregnancies experienced a complication and more than more third (46%) experienced a serve complication. http://www.guttmacher.org/pubs/IB-unintended-pregnancy-philippines.pdf

United Nations. 1995. *Report on the International Conference on Population Development Cairo 5-13 September 1994.* New York, NY: UN. https://www.unfpa.org/sites/default/files/event-pdf/icpd_eng_2.pdf at http://www.unfpa.org/webdav/site/global/shared/documents/publications/2004/icpd_eng.pdf

US Department of Health and Human Resources, Center for Disease Control and Prevention. *Effectiveness of Family Planning Methods.* http://www.cdc.gov/reproductivehealth/unintendedpregnancy/pdf/contraceptive_methods_508.pdfOpicupio, Cast factu in di tabentiliis re et ac maceret; etoribus, unt? Viviur, sicaut ad se conlocus tusperei consultus. Porum nonsis, nonsuam et; hilis is Maribus sedo, consula in audeat ommolium publint emolto utem. Olut contem senticaet; intrum teri screvis forustement, qua re temum publi pereo, nostrae, noris comnosta opte, essimplin nerestus tum sim diissi iam. Catimum fecteba telusci tatuitiere conlos se, Catus consisque peremum moeretissim atin temque idic temodic iemneque addum a ili cone intilicta derehent, cautudemunum pro culest re tem, me di, que rei poendit L. Uritistrae norum coen se, Catus, vivastis

Catholics for Reproductive Health
C4RH

catholics4rh@gmail.com

facebook.com/Catholics4RH

Sumali sa usapan. “Katoliko Ako, RH Suportado Ko!”

BILL & MELINDA GATES foundation

Inilimbag ito sa tulong ng Bill and Melinda Gates Foundation. Ang mga nakasaad dito ay hindi awtomatikong opinyon ng Gates Foundation.